Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-20 NG PEBRERO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 060-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY POBLACION III NG BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANGDAAN WALUMPU'T WALONG LIBO, ANIMNARAAN ANIMNAPU'T TATLONG PISO AT SIYAMNAPU'T TATLONG SENTIMOS (P588,663.93).*

*SAPAGKA'T*, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 3-T'2002 Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 1-T 2002 ng Sang. Barangay Poblacion III na nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2002 ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T*, ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng Pamahalaang Bayan, lakip ang mga kapunahan at pagwawasto na nais ipahatid sa nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T*, anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay Poblacion III.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng mga Kgg. Kag. Purita P. Sarmiento, Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Florencio C. Odejar na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang taunang badyet para sa taong ito ng Barangay Poblacion III ng bayang ito na nagkakahalaga ng P588,663.93.

*IINIUUTOS*, Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng Poblacion III, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan